
	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0008
	Title	Implementing Guidelines on the PhilHealth Framework and Methodology for Costing of Health Services

Tanong	Sagot
Ano ang dahilan bakit binuo ang PhilHealth Circular No. 2022-0008?	Ang tamang pagco-costing o ang paglalaan ng gastusin ay mahalaga para sa pagbuo ng mga kaukulang benepisyo ng PhilHealth para sa mga miyembro nito. Kasama sa pagbabalangkas na ito ang pagkuha ng tamang datos. Para magawa ito, bumuo ang PhilHealth ng pamantayan ng pamamaraan at costing framework upang maging gabay sa pagbuo ng mga nararapat na benepisyo.
Ano ang layunin ng Circular na ito?	Itinatakda ang Circular na ito na para magbigay ng gabay sa tamang pamamaraan ng pagsu-sumite, pagpo-proseso, at pag-aanalisa ng mga datos na ibinahagi ng mga health care providers.
Sino ang saklaw ng Circular na ito?	Nilalaman ng Circular na ito ang pamantayan na susundin ng lahat ng mga PhilHealth-accredited and contracted healthcare providers.
Mekanismo ng Pagpapatupad	<ol style="list-style-type: none"> 1. Ang pagpapatupad ng costing ng serbisyong pangkalusugan ay gagawin sa pambansang antas (national level) sa bawat piling health care providers base sa kanilang lokasyon, kakayanan at uri ng pag mamay-ari. 2. Ang pag co-costing ay taunang gagawin sa unang tatlong taon (2021-2023) at magiging tuwing ika-tatlong taon pagkatapos o kung kinakailangan. 3. Ang napiling health care provider ay maaaring sumali nang dalawang (2) beses kung wala siyang ibang katulad na health care provider base sa kanilang pag-uuri. 4. Ang tiyak na sakit ay maaaring bigyan ng costing ng PhilHealth kung kinakailangan para sa ebalwasyon ng kasalukuyang benepisyo at sa paggawa ng bago. 5. Ang costing ay gagamitin lamang para sa pagbibigay ng halaga ng gastusin para sa akmang benepisyo. 6. Ang costing manual ay binuo at isasapubliko ng PhilHealth.
Ang pagpapatupad ng Costing Framework at Methodology	<p>Paraan ng pagpapatupad:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ito ay binubuo ng apat na bahagi: <ol style="list-style-type: none"> a. Pagpili ng ospital b. Pag pormalisa ng pakikipag-ugnayan c. Ang angkop na pag bibigay ng halaga ng aktwal na benepisyo d. Ang pagbibigay ng tugon at pag-uulat 2. Pagsusumite ng datos, pag-poproseso at pag-aanalisa 3. Pangangasiwa ng datos



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0008
	Title	Implementing Guidelines on the PhilHealth Framework and Methodology for Costing of Health Services

Tanong	Sagot
Pagsubaybay at Pagsusuri	Lahat ng proseso at aspetong may kaugnayan sa pagbibigay ng halaga ng gastusin ay regular na pag-aaralan kasama ang mga healthcare providers.
Transitory Clause	<p>Pansamantalang manual ang pag sumite ng datos sa PhilHealth sa unang taon ng pagpapatupad ng costing. Magkakaroon ng sistemang pangkuha ng datos para sa mga susunod na pag co-costing.</p> <p>Ang pagkuha at pagsusumite ng datos ay uunahin sa accredited healthcare providers. Hiwalay na bubuuin ang costing na ipapatupad para sa outpatient at primary care facilities.</p>

